# NAKAKARANAS KA BA NG MGA SINTOMAS NG COVID-19?

## MAYROON KA BANG Saklaw sa Kalusugan?

Tawagan ang iyong regular na doktor o klinika.

## WALA KA BANG Saklaw sa Kalusugan?

### KUNG WALA KANG SAKLAW SA KALUSUGAN:

Makipag-ugnayan sa **Unit ng Saklaw sa Kalusugan (Health Coverage Unit, HCU)** ng San Mateo County sa **650-616-2002** o sa **info-hcu@smcgov.org** para sa tulong sa pag-screen at pag-enroll sa mga programa sa saklaw sa kalusugan ng publiko gaya ng Medi-Cal, Covered California, at ACE.

Para sa **hotline ng HCU**, mag-iwan ng mensahe nang kasama ang iyong pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan, at tatawagan ka ng isang Tagapagtaguyod ng Kalusugan ng Komunidad sa loob ng 24 na oras.

Puwede ka ring mag-apply sa **www.coveredca.com**

### KUNG KAILANGAN MONG MAKIPAG-USAP SA ISANG NURSE KAAGAD:

Tumawag sa **Health Plan of San Mateo** anuman ang iyong saklaw sa kalusugan sa **1-833-846-8773**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Tatanungin ka ng isang nurse tungkol sa iyong sintomas at sasabihin niya sa iyo kung kailangan mo ng agarang pangangalaga.

Tumawag sa pagmamay-ari ng estado na Linya ng **Medi-Nurse** sa **1-877-409-9052**. Ang linyang ito ay matatawagan ng mga pasyente ng Medi-Cal na walang planong pangkalusugan. Matatawagan ang linya 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo para sagutin ang anumang alalahaning nauugnay sa COVID-19 at para sa pangkalahatang medikal na isyu.

### KUNG MAYROON KANG MGA PANGKALAHATANG ALALAHANIN TUNGKOL SA IYONG KALUSUGAN:

Tumawag sa **New Patient Connection Center** anuman ang status ng iyong saklaw sa kalusugan sa **650-372-3200** mula 8:15am hanggang 4:30pm.

**www.smchealth.org/smmc-new-patients**

Public Charge at Alerto sa COVID-19 mula sa Mga Serbisyo sa Pagkamamamayan at Imigrasyon ng Estados Unidos (United States Citizenship and Immigration Services, USCIS): **Hindi maaapektuhan ng paghiling ng medikal na tulong ang iyong pagsusuri sa Public Charge o ang iyong aplikasyon sa imigrasyon.**

## MGA PANGKALAHATANG GABAY

- Hugasan nang madalas ang iyong kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo o gumamit ng alcohol-based na hand sanitizer lalo na kapag galing ka sa isang pampublikong lugar, o pagkatapos mong suminga, umubo, o bumahing
- Magpanatili nang hindi bababa sa 6 na talampakang distansya sa pagitan mo at ng ibang tao
- Magsuot ng takip sa mukha na gawa sa tela sa tuwing lumalabas ka sa publiko
- Sa mga pribadong lugar na hindi nagsusuot ng mask, palaging takpan ang iyong bibig at ilong kapag umuubo at bumabahing

SAN MATEO COUNTY HEALTH

**smchealth.org/coronavirus**

*Sanggunian: www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/index.html462875*